# Washington Poison Center

## Linya ng Tulong: 1-800-222-1222

Libreng serbisyo ng Washington para sa payong medikal sa pagkalason at pagsobra ng dosis ng gamot

**Mga emergency sa lason:**

Tumawag sa Washington Poison Center (800) 222-1222 para sa tulong medikal sa mga emergency ng pagkalason. Sasabihin sa iyo ng aming mga espesyalista kung ligtas na manatili sa bahay o kung kailangan mong humingi ng emergency na pangangalaga. Kung may taong hindi humihinga, walang malay, o dumaranas ng seizure, tumawag sa 911.




**Kahulugan ng lason:**

Ang lason ay anumang substance na puwedeng makasama kung gagamitin sa di-angkop na paraan, nang may di-angkop na dami, o ng di-angkop na tao.

**Mga karaniwang dahilan ng pagtawag sa Washington Poison Center:**

- Mga aksidente sa produktong pambahay at pang-industriya
- Mga pagkakamali sa medisina at gamot
- Sinadyang pagkalason
- Mga tanong tungkol sa ligtas na paggamit ng medisina
- Payong pangkaligtasan sa lason

**Ang Washington Poison Center ay palaging nandito upang tumulong:**

- Bukas nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
- Mga sanay na eksperto sa medisina ang sasagot sa iyong mga tawag sa telepono
- Libre at kumpidensiyal ang pagtawag
- Available ang libreng pagpapa-interpret sa ibang wika
- Tulong sa lason para sa lahat ng edad
- Organisasyong hindi layuning kumita

**Ang iyong kalusugan lang ang inaalala namin:**

Itatanong sa iyo ng aming mga espesyalista kung ano ang nangyari, ang substance, mga sintomas, at kaugnay na history ng pagpapagamot. Itatanong din nila ang iyong pangalan at numero ng telepono para sa follow-up na pangangalaga. Hindi nila itatanong ang tungkol sa katayuan sa imigrasyon o katayuang legal.

Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa website ng Washington Poison Center na **https://www.wapc.org** o tumawag sa **(800) 222-1222**

TAGALOG

# Washington Poison Center

## Linya ng Tulong: 1-800-222-1222

Libreng serbisyo ng Washington para sa payong medikal sa pagkalason at pagsobra ng dosis ng gamot

**Mga emergency sa lason:**

Tumawag sa Washington Poison Center (800) 222-1222 para sa tulong medikal sa mga emergency ng pagkalason. Sasabihin sa iyo ng aming mga espesyalista kung ligtas na manatili sa bahay o kung kailangan mong humingi ng emergency na pangangalaga. Kung may taong hindi humihinga, walang malay, o dumaranas ng seizure, tumawag sa 911.




**Kahulugan ng lason:**

Ang lason ay anumang substance na puwedeng makasama kung gagamitin sa di-angkop na paraan, nang may di-angkop na dami, o ng di-angkop na tao.

**Mga karaniwang dahilan ng pagtawag sa Washington Poison Center:**

- Mga aksidente sa produktong pambahay at pang-industriya
- Mga pagkakamali sa medisina at gamot
- Sinadyang pagkalason
- Mga tanong tungkol sa ligtas na paggamit ng medisina
- Payong pangkaligtasan sa lason

**Ang Washington Poison Center ay palaging nandito upang tumulong:**

- Bukas nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
- Mga sanay na eksperto sa medisina ang sasagot sa iyong mga tawag sa telepono
- Libre at kumpidensiyal ang pagtawag
- Available ang libreng pagpapa-interpret sa ibang wika
- Tulong sa lason para sa lahat ng edad
- Organisasyong hindi layuning kumita

**Ang iyong kalusugan lang ang inaalala namin:**

Itatanong sa iyo ng aming mga espesyalista kung ano ang nangyari, ang substance, mga sintomas, at kaugnay na history ng pagpapagamot. Itatanong din nila ang iyong pangalan at numero ng telepono para sa follow-up na pangangalaga. Hindi nila itatanong ang tungkol sa katayuan sa imigrasyon o katayuang legal.

Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa website ng Washington Poison Center na **https://www.wapc.org** o tumawag sa **(800) 222-1222**

TAGALOG

# Pangangalagang Medikal sa Estados Unidos

Sa Estados Unidos, mayroong iba't ibang antas ng pangangalagang medikal na nakadepende sa iyong mga pangangailangan:

**Pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga:**
(Primary Care Doctor)

- Pangangalagang palagian at pang-iwas sa sakit
- Kailangan ng appointment
- Mga halimbawa: pisikal na pagpapasuri, matagalang kondisyon, pagpapabakuna, screening para sa kalusugan, referral

**Kuwartong pang-emergency sa ospital:**
(Hospital Emergency Room)

- Malalalang karamdaman o kondisyong kailangan ng mabilisang pangangalagang medikal
- Kadalasang bukas nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo
- Mga halimbawa: problema sa paghinga, pananakit ng dibdib, malaking hiwa, pagkamanhid sa isang gilid, seizure, pagkawala ng malay, malubhang karamdaman

**Agarang pangangalaga:**
(Urgent Care)

- Mga karamdaman o kondisyong di-maginhawa pero hindi nakamamatay
- Iba-iba ang oras depende sa lokasyon
- Mga halimbawa: pilay, kaunting bali sa buto, maliit na hiwa, impeksiyon sa upper respiratory, impeksiyon sa sinus, impeksiyon sa daanan ng ihi

**Kailangan ng iyong tagapagbigay-serbisyo na mag-alok ng tulong at pag-interpret sa wika kapag hiniling.**

**Tumawag sa 911** kung may taong nangangailangan ng ambulansiya o paramedic para sa malalang sitwasyong medikal.

**Tumawag sa 988** kung may taong dumaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip.

**Tumawag sa (800) 222-1222 (Washington Poison Center)** para sa mga emergency o tanong hinggil sa pagkontak ng lason/toxin.

WASHINGTON
POISON CENTER
(800) 222 1222

# Pangangalagang Medikal sa Estados Unidos

Sa Estados Unidos, mayroong iba't ibang antas ng pangangalagang medikal na nakadepende sa iyong mga pangangailangan:

**Pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga:**
(Primary Care Doctor)

- Pangangalagang palagian at pang-iwas sa sakit
- Kailangan ng appointment
- Mga halimbawa: pisikal na pagpapasuri, matagalang kondisyon, pagpapabakuna, screening para sa kalusugan, referral

**Kuwartong pang-emergency sa ospital:**
(Hospital Emergency Room)

- Malalalang karamdaman o kondisyong kailangan ng mabilisang pangangalagang medikal
- Kadalasang bukas nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo
- Mga halimbawa: problema sa paghinga, pananakit ng dibdib, malaking hiwa, pagkamanhid sa isang gilid, seizure, pagkawala ng malay, malubhang karamdaman

**Agarang pangangalaga:**
(Urgent Care)

- Mga karamdaman o kondisyong di-maginhawa pero hindi nakamamatay
- Iba-iba ang oras depende sa lokasyon
- Mga halimbawa: pilay, kaunting bali sa buto, maliit na hiwa, impeksiyon sa upper respiratory, impeksiyon sa sinus, impeksiyon sa daanan ng ihi

**Kailangan ng iyong tagapagbigay-serbisyo na mag-alok ng tulong at pag-interpret sa wika kapag hiniling.**

**Tumawag sa 911** kung may taong nangangailangan ng ambulansiya o paramedic para sa malalang sitwasyong medikal.

**Tumawag sa 988** kung may taong dumaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip.

**Tumawag sa (800) 222-1222 (Washington Poison Center)** para sa mga emergency o tanong hinggil sa pagkontak ng lason/toxin.

WASHINGTON
POISON CENTER
(800) 222 1222